

## Paano Gamitin ang PRESTO

Ang PRESTO ay isang sistema ng elektronikong pagbabayad na ginagamit ng mga ahensya ng transportasyon sa buong Greater Toronto at Hamilton Area (GTHA), at Ottawa. Gumagamit ang PRESTO ng mga teknolohiya ng smartcard para magbigay sa mga sumasakay ng pinaka-madaling paraan ng pagbabayad na posible.

### 1. Bumili ng card

Bumili ng PRESTO card online sa [PRESTOcard.ca](http://PRESTOcard.ca) o sa isa sa sumusunod na mga terminal o pasilidad ng BramptonTransit:

- **Brampton Gateway Terminal**  
501 Main Street South
- **Bramalea Terminal**  
160 Central Park Drive
- **Clark Facility**  
185 Clark Boulevard
- **Downtown Terminal**  
8 Nelson Street West
- **Sandalwood Facility**  
130 Sandalwood Parkway West
- **Trinity Common Terminal**  
164 Great Lakes Boulevard

Ang mga PRESTO card ay mabibili rin sa piling Shoppers Drug Mart store; maaari kayong bumili ng isang card, mag-load ng pera o buwanan, o lingguhang pases ng BramptonTransit at itakda ang uri ng pamasaha. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga lokasyon, pakibisita sa [prestocard.ca/shoppersdrugmart](http://prestocard.ca/shoppersdrugmart).

Mayroong \$6 na hindi naibabalik na bayad sa pag-isyu sa pagbili.

### 2. Mag-load sa iyong card-

Sa PRESTO, magkakaroon ka ng flexibility para mag-load ng iba't ibang produkto sa iyong card. May dalawang uri ng mga load sa PRESTO:

- **Magdagdag ng pera (balance sa card):** Mag-load ng minimum na \$10 sa iyong PRESTO card. Maaari kang magkakaroon ng balanse na \$1,000. Kapag sumakay ka, ang pamasaha sa iyong biyahe ay ibabawas mula sa balanse na nasa iyong card.
- **Magdagdag ng buwanang/lingguhang pases:** Sa isang buwanan o lingguhang pases, maaari kang magkaroon ng walang limitasyong bilang ng mga biyahe habang may bisa ang pases.

### 3. Gumawa ng MyPRESTO Account

Kung gusto mong gumawa ng My PRESTO Account, maghintay nang 24 oras makalipas ang pagbili ng iyong card mula sa isang terminal o pasilidad ng BramptonTransit.

- Gawin ang iyong My PRESTO Account online sa [PRESTOcard.ca](http://PRESTOcard.ca).
- 24 oras matapos magawa ang iyong My PRESTO Account, kailangang mag-tap ka sa alinmang PRESTO-enabled device\* sa loob ng 30 araw na yugto para makumpleto ang proseso ng My PRESTO Account. Makalipas ang 30 araw, ang iyong My PRESTO Account ay mawawalan ng bisa. Kung mawawalan ng bisa ang iyong MY PRESTO Account, tawagan ang 1-8-PRESTO-123(1-877-378-6123) para i-reactivate ito.

\* Kabilang sa mga PRESTO-enabled device ang:

- Balance Checkers sa mga terminal at pasilidad ng Brampton Transit
- Mga Vending Machine ng Tiket sa Bramalea Terminal, Downtown Terminal at Mount Pleasant GO Station
- Mga device ng pagbabayad ng pamasaha sa mga bus ng Brampton Transit

Gamitin lamang ang device sa pagbabayad ng pamasaha para i-activate ang iyong My PRESTO Account kung ito ay bahagi ng iyong biyahe, magkakaltas ito ng pamasaha sa pag-tap ng iyong card. Bilang kahalili, maaari kang gumamit ng isang balance checker para i-activate ang iyong My PRESTO Account kung hindi ka nagbibiyaha sa panahong iyon.

**Tandaan:** Kung ikaw ay nasa hustong gulang at ayaw gumawa ng isang MyPRESTOAccount, ang iyong card ay mananatili bilang isang default adult card na walang Account (tingnan ang Mga Benepisyo sa paggawa ng My PRESTO Account).

### 4. Pagtatakda ng may diskwentong pamasaha

**Bata\*, Kabataan at mga Senior** – Kahit na inirerekumenda na gumawa ka ng isang My PRESTO Account, ang mga card na walang account ay maaaring itakda sa mga may diskwentong pamasaha ng Bata, Kabataan o Senior. Ang may diskwentong pamasaha ay maaaring itakda nang personal sa oras ng pagbili sa isang terminal o pasilidad ng Brampton Transit.

\*Kung ang isang bata ay gumagamit ng isang PRESTO card, sa ika-13 kaarawan ng bata, ang kategorya ng pamasaha sa card ay awtomatikong lilipat mula sa Bata papunta sa Nasa Hustong Gulang. Ang mga kostumer sa pagitan ng 13-19 taong gulang ay kwalipikado para sa kategorya ng Kabataan; bumisita sa isang terminal o pasilidad ng BramptonTransit para itakda ito sa Kabataan (Youth).

**Gamitin ang iyong PRESTO card para magbayad sa karagdagang mga pasahero** – Pagkatapos i-tap ang iyong PRESTO card sa isang device sa pagbabayad ng pamasaha, abisuhan ang operator na gusto mong magbayad para sa karagdagang mga pasahero. Ipapasok ng Operator ang karagdagang mga pasahero at ipapa-tap ang iyong card sa Operators 'PRESTO device para ibawas ang mga pamasaha.

**Tandaan:** Ang karagdagang mga pasahero ay sisingilin ng bayad sa pagsakay ng nasa hustong gulang.

## Mga benepisyo ng paggawa ng My PRESTO Account

Sa **paggawa ng isang My PRESTO Account**, magagawa mong:

- **Maprotektahan ang iyong balanse** kung mawala ang iyong card o manakaw. Maaari mong kanselahin ang iyong card at ilipat ang balanse sa isang kahaliling card.
  - I-report ang isang nawawalang card sa PRESTO at ipapakansela ito. Ikaw ang reponsable para sa mga pondong nagugol sa loob ng 24 oras ng pag-report ng pagkawala. Kailangang bumili ka ng panghaliling card at mag-load ng minimum na \$10 sa card. HUWAG gumawa ng isang My PRESTO Account para sa iyong bagong card. Dalawampu't apat na oras matapos ikansela at makuha ang iyong bagong card, mag-online o tumawag sa PRESTO Call Center sa 1-8-PRESTO-123 (1-877-378-6123) para ilipat ang pondo mula sa iyong lumang card.
- **I-setup ang Autoload o Autorenew** para awtomatikong mag-reload sa iyong card.
  - Ang Autoload ay awtomatikong magre-reload sa iyong PRESTO card sa pamamagitan ng iyong bank account o credit card, kapag ang iyong balance mahuhulog sa mas mababa ng halaga ng dolyar na pinili mo.
  - Ang dolyar na halagang ito ay kailangang nasa pagitan ng \$5 at \$60. Ang halaga ng dolyar ay na maaari mong i-autoload ay \$20, hanggang sa maximum na \$980.

**Tandaan:** Ang minimum at maximum na halaga ay sakop ng pagbabago ng PRESTO na wala ang abiso. Ang iyong bagong balanse ay maipapakita kaagad sa iyong card.

- **Rebyuhin ang kasaysayan ng iyong transaksyon.**

- Subaybayan ang iyong balanse at i-access ang kasaysayan ng iyong paggamit.

- **Emergency na Biyahe**

- Ang isang customer na walang sapat na pera ay karapat-dapat sa iisang pag-tap na may dalawang oras na paglipat mula sa oras ng pag-isyu.

Ang card ay magiging negatibo ang balanse at awtomatikong mawawalan ng laman sa susunod na panahong maglo-load ka sa iyong card. Ang bayad sa negatibong balanse ay \$0.25 sa oras ng pag-reload.

**Mahalagang Tandaan:** Matapos mong kinansela ang isang card, maaari kang mag-order online ng isang kahaliling PRESTO card, o bumili ng bagong card nang personal sa halagang \$6 (kailangan ang minimum na \$10 para maidagdag sa balanse ng card), at ilipat ang iyong balanse sa kasalukuyang card papunta sa bagong card.

**Mahalagang hindi mo lilikhain ang isang My Presto Account para sa iyong bagong PRESTO card; awtomatiko itong gagawin sa pamamagitan ng proseso ng paghalili.**

## Makipag-ugnayan sa PRESTO

**Telepono:** 1-8-PRESTO-123 (1-877-378-6123)

**Online:** PRESTOcard.ca

